Mga Bakuna sa COVID-19

Ano ang Kailangang Malaman ng mga Magulang

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay inirerekomenda sa lahat ng edad 6 na buwan pataas.

BAKIT KAILANGAN KONG PABAKUNAHAN ANG AKING ANAK PARA SA COVID-19?

- Bagama't karaniwang mas banayad ang COVID-19 sa mga bata, kahit ang malulusog na mga bata ay **maaaring magkasakit nang husto** at kailangang mahospital. Ang ilang mga bata ay namamatay pa nga dahil sa COVID-19.
- Ang mga bata ay maaari ring magkaroon ng **pangmatagalang** pangkaisipan at pisikal **na mga problema sa kalusugan** mula sa COVID-19.
- Walang paraan na masabi ng mas maaga kung ang bata ay magkakaroon ng malubhang sakit at/o magkaroon ng pangmatagalang mga komplikasyon.
- Tulungang **protektahan ang inyong mga anak** sa pamamagitan ng pagpapabakuna sa kanila.

MGA KAALAMAN SA BAKUNA NG COVID-19

- Ang dosis ng bakuna sa COVID-19 ay **nakabase sa edad ng iyong anak**, hindi sa kanilang laki o timbang. Ang mga batang edad 12+ ay nakakakuha ng parehong dosis ng bakuna gaya ng mga nasa hustong gulang na.
- Ang mga batang 6 na buwan +, ay makakakuha ng pangunahing mga serye at ng **binagong (bivalent) pampalakas na bakuna**. Ang pampalakas na bakuna ay nakatakda ng hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng kanilang huling mga serye ng pangunahin o orihinal (monovalent) na dosis ng pampalakas na bakuna. Eksempsyon: Ang dosis ng pampalakas na bakuna ay hindi awtorisado sa mga batang edad na 6 na buwan – 4 na taong gulang na nakatanggap na ng pangunahang mga serye ng Pfizer. Para sa mga detalye at impormasyon ng mga dosis para sa mga bata ng lahat ng edad, tingnan ang ph.lacounty.gov/covidvaccineschedules.
- Ang mga bata na nagkaroon na ng COVID-19 ay dapat pa ring magpabakuna para **mapalakas ang kanilang imyunidad**.
- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay maaaring ibigay ng kasabay ng iba pang mga nakagawiang mga bakunang pambata.

PAANO KO MAPAPABAKUNAHAN ANG AKING ANAK?

- Ang mga bakuna ay libre para sa lahat. Hindi mo kailangan ng seguro at hindi ka tatanungin tungkol sa kalagayan mo sa iyong imigrasyon.
- Bisitahin ang **ph.lacounty.gov/howtogetvaccinated** para makahanap ng lugar na malapit sa iyo. Siguraduhin na mayroong silang tamang bakuna para sa edad ng iyong anak at magtanong tungkol sa **pahintulot ng magulang/tagapag-alaga.** Tandaan, karamihan sa mga botika ay hindi pwedeng magbakuna sa mga batang wala pang 3 taong gulang.
- Tawagan ang Sentro ng Tawagan ng Bakunahan ng DPH sa **1-833-540-0473** o **2-1-1** kung kailangan mong makahanap ng bakuna, transportasyon, o pagbabakuna sa bahay.



County of Los Angeles Public Health

12-13-22 Tagalog/Filipino

Mga Bakuna sa COVID-19

Ano ang Kailangang Malaman ng mga Magulang

ANO ANG MGA EPEKTO NG BAKUNA?

- Ang inyong anak ay maaaring magkaroon ng epekto katulad ng nakikita sa nakagawiang mga bakunang pambata. Sila ay karaniwang **banayad at mawawala** sa loob ng ilang mga araw. Ang ilang mga bata ay hindi nagkakaroon ng mga epekto.
- Ang pangkaraniwang mga epekto ay kinabibilangan ng pananakit, pamamaga, o pagkapula ng braso o hita kung saan ang bakuna ay ibinigay, sakit sa kalamnan o kasukasuan, namamagang mga kulani, lagnat, panginginig dahil nagiginaw, sakit ng ulo, pagiging mairita o iyakin, nakadarama ng pagkahapo, laging inaantok, at pagkawala ng gana.



ANG MGA BAKUNA BA AY LIGTAS PARA SA MGA BATA?

- **Oo, ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas para sa mga bata.** Bago inirekomenda ang mga bakuna ng COVID-19 para sa mga bata, may mga klinikal na pagsubok ng libo-libong mga bata na ginawa para suriin ang kaligtasan ng mga bakuna at gaano kagaling silang gumagana. Simula noon, sampu-sampung milyon ng mga bata sa Amerika ang nabakunahan na.
- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay dumaan sa – at patuloy na dadaan sa – **pinakamahigpit na pagsubaybay sa kaligtasan** sa kasaysayan ng Amerika.
- Ang mga bibihirang kaso ng myocarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso) at pericarditis (pamamaga ng panlabas na balat ng puso) ay naiulat na sa mga bata pagkatapos magpabakuna sa COVID-19, karamihan ay sa **mga kalalakihang edad 12 taong gulang pataas**.
  - Ang matagal na panahon sa pagitan ng una at ikalawang dosis ng bakuna ay nagpapababa ng mga panganib.
  - Ang mga panganib sa puso mula sa bakuna ng COVID-19 ay mas sobrang mababa kaysa sa pagkakaroon ng impeksyon ng COVID-19.
- Ang iyong anak **ay hindi makakakuha ng COVID-19** mula sa bakuna ng COVID-19.
- Walang ebidensya na ang bakuna sa COVID-19 ay nakakaapekto sa pagkadalaga/pagkabinata o pertilidad.

Para sa mas marami pang mga detalye, tingnan ang **Mga Kadalasang mga Katanungan sa Bakuna sa COVID-19 para sa mga Magulang** at **VaccinateLACounty.com**.

County of Los Angeles Public Health

12-13-22 Tagalog/Filipino